


Ang purong pormula ay ligtas kung inihanda nang tama. Para sa impormasyon sa paggawa ng isang may kaalamang desisyon tungkol sa kung paano pakakainin ang iyong sanggol makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o pampublikong nars ng kalusugan. Tingnan ang Pilyego ng Tip #1 para sa mahahalagang katotohanan.




1 Hugasan ang mga kamay at kawnter na may sabon at tubig.
Ihanda ang lahat ng iyong na-disimpektang kagamitan ng pagpapakain (Tingnan ang Pilyego ng Tip #2).



2 Hugasan ang ibabaw ng lata o plastik na lalagyan ng pormula gamit ang mainit na tubig at sabon.
Tingnan ang petsa ng paglipas sa lata.
Kaluging mabuti ang lata at buksan gamit ang isang isterilisadong abrelata.




3 Tingnan ang Pilyego ng Tip #2 sa kung paano mag-isterilisa ng tubig na ginagamit sa paggawa ng pormula.
Basahin ang itiketa upang makita kung gaano karaming pormula at tubig ang gagamitin para sa isang pagpapakain.
Ibuhos at sukatin ang isterilisadong tubig na pinalamig sa temperatura ng silid sa isang isterilisadong bote.



4 Sumukat ng katumbas na dami ng pormula para sa isang pagpapakain.



5 Dagdagan ng katumbas na dami ng pormula para sa isang pagpapakain sa isterilisadong bote.



6 Gamitin ang mga isterilisadong pang-sipit upang damputin ang utong, singsing at takip ng bote.



7 Higitan ang singsing gamit ang iyong mga kamay. Pag-ingatan na hindi mahawakan ang utong ng iyong mga kamay.




8 Haluin sa pamamagitan nang marahang pagkakalag ng bote.



PAGKATAPOS NG
2
ORAS

Pakainin ang iyong sanggol bilang tugon sa mga pahiwatig sa pagpapakain ng sanggol (tingnan ang Pilyego ng Tip #6).

Itapon ang pormula na hindi iniinom ng iyong sanggol pagkatapos ng 2 oras.



10 Pinakaligtas na gamitin ang isang sariwang inihandang bote sa tuwing pakakainin ang iyong sanggol. Kung inihanda mo ang mga bote na may maligamgam/mainit na tubig, palamigin ang mga bote nang mabilis sa ilalim ng dumadaloy na tubig o sa isang lalagyan ng malamig na tubig. Sa oras na lumamig, ilagay sila sa isang reridayereytor at gamitin sa loob ng 24 oras.

Ang mga bukas na lata ng likidong pormula ng sanggol ay dapat na takpan, ilagay sa reridayereytor kaagad at maaaring itago ng hanggang 48 oras sa reridayereytor.

Para sa impormasyon tungkol sa kung paano at kailan pakakainin ang iyong sanggol tingnan ang:

- Mga pahina 16-20 sa libritong **Pormula ng Sanggol: Anong Kailangan Mong Malaman.**
- Mga Pilyego ng Tip #6.

Ang pormula ng sanggol ay maaaring ipabalik. Ang impormasyon para sa pagpapabalik ay matatagpuan sa website ng Health Canada sa www.healthycanadians.gc.ca/recall-alert-rappel-avis/index-eng.php

